# *Pagsusukat ng Bilang o Dami*

## Pagpipilian

Hilingin sa inyong anak na pumili ng isa o higit pa sa mga aktibidad na ipinapakita sa ibaba. Ang pagpili at pagsasagawa nito ay mahahalagang kasanayan para sa kognitibo at emosyonal na pag-unlad. **Pumili mula sa sumusunod na mga aktibidad para malaman kung ano ang nalalaman ng inyong anak tungkol sa pagsusukat ng bilang o dami.**

### Mga Dapat Itanong:

- Kapag nagpakita ng kaunting bilang (1-5) ng mga bagay, kaya bang makilala ng inyong anak kung ilan ang mga iyon nang hindi nagbibilang? Ilan ang nakikilala ng inyong anak?
- Kapag binigyan ng dalawang pangkat ng mga bagay, kaya bang hanapin ng inyong anak ang kabuuang bilang sa pamamagitan ng pagbilang sa lahat?

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Mga Mungkahi sa Pamilya:** Hikayatin ang bata na alamin kung ilan ang mayroon sa maliliit na pangkat ng mga bagay nang hindi nagbibilang. Hayaan ang mga bata na bilangin ang mga bagay gamit ang mga daliri nila para malaman kung ilan lahat ang kabuuan ng dalawang bilang. | **Pagbubukod-bukod:** Humanap ng kaunting koleksyon ng anumang maliit na bagay (mga butones, barya, bato). Pagpasiyahin ang bata kung paano pagbubukod-bukurin ang mga bagay. Sabihin sa bata na pagbukod-bukurin ang mga bagay at mag-usap tungkol sa mga bahagi/grupo. Ilan sa bawat grupo? Ilan ang lahat? Kaya mo bang humanap ng ibang paraan para pagbukod-bukurin ang mga ito? | **Sa Loob/Sa Labas:** Mag-ipon ng hanggang sampung maliit na bagay na hindi delikadong ihagis. Magpuwesto ng lalagyang sapat ang laki para pumasok ang mga ihahagis o gumawa ng paraan para lumikha ng bilog sa sahig o lupa (hula hoop, tali, gumuhit ng bilog sa lupa,). Magsalitan sa paghahagis ng mga bagay sa loob ng lalagyan o bilog. Pag-usapan kung ilan ang nasa loob at ilan ang nasa labas. Tanungin kung saan mayroong mas marami at kung saan mayroong mas kaunti. | **Mga Bagay na Nakatago:** Magbilang ng limang bagay kasama ng bata. Sabihin, "Pumikit ka." Lagyan ng takip ang ilan sa limang bagay at hayaang nakikita ang natitira. Sabihin sa bata na magsabi ng "Shazam!" (o anumang ibang nakakatuwang salita) at idilat ang kaniyang mga mata. Sabihin, "Ilang [pangalan ng mga bagay] ang nakikita mo?" Tanungin, "Ilang [pangalan ng mga bagay] ang sa palagay mo ay nakatago sa ilalim ng takip?" Alisin ang takip at tanungin, "Ilan silang lahat?" |

WaKIDS Washington Kindergarten Inventory of Developing Skills
Washington Office of Superintendent of PUBLIC INSTRUCTION

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Ilan ang mga daliri?** Magpakita ng ilang (2-10) daliri sa loob ng tatlong segundo. Tanungin sa bata kung "ilan"? para malaman kung ilan ang kaya niyang makilala nang hindi nagbibilang. | **Mga Bahagi ng Katawan:** Sabihin sa bata na humanap ng paraan para malaman kung ilan ang mga mata, braso, o binti sa pamilya. | **Mabilis na Larawan:** Gumuhit ng hanggang 5 tuldok sa isang piraso ng papel at itago ang mga iyon. Ilabas ang mga tuldok sa loob ng 3 segundo para makita kung kayang makilala ng bata kung ilan ang mga iyon. Subukan sa iba pang numero. | Tanungin kung aling grupo ang mayroong mas marami, mas kaunti, o pareho ang dami. Iangkop para sa mas marami o mas kaunting bilang na hanggang 10. |